

Pagkilala sa Pambansang Araw ng Mga Katutubong Tao

BRAMPTON, ON (Hunyo 9, 2022) – Iniimbitahan kayo ng Lungsod ng Brampton na kilalanin ang Pambansang Araw ng Mga Katutubong Tao sa Ken Whillans Square sa Hunyo 22 mula 12 hanggang 8 pm. Ipagdiwang ang kasaysayan, ang kultura at ang iba't ibang Mosaic ng Brampton na may merkado ng mga nagtitinda na pag-aari ng mga katutubo, pagdiriwang sa paglubog ng araw, ang Big Drum art installation mula sa Born in the North Ltd., isang pag-uusap sa tabing apoy, at mga live na palabas.

Sa Hunyo 21, gugunitain ng Canada ang Pambansang Araw ng Mga Katutubong Tao para kilalanin ang kasaysayan, pamana, at pagkakaiba-iba ng mga taong First Nations, Inuit, at Métis.

Merkado ng mga nagtitinda na pag-aari ng mga katutubo

Suportahan ang mga lokal, pag-aari ng mga katutubong artisan sa personal na merkado na ito sa Hunyo 22 mula 12 hanggang 8 pm na nagtatampok ng mga alahas na gawa sa bead at kristal, tula, damit, aksesorya, likhang sining at higit pa. Tingnan ang buong listahan ng mga magtitinda sa brampton.ca/NIPD.

Pagdiriwang sa Paglubog ng Araw

Mula 6 hanggang 8 pm, makilahok sa isang pag-uusap sa tabing apoy, isang live na pagtatanghal ng Chippewa Travelers at Deanne & John Hupfield, at panoorin ang unang pagpapakita ng isang art installation na pinamagatang, *Big Drum* ng Born in the North Ltd.

Art Installation ng Big Drum

Ginawa ng Born in the North Ltd., ang 10-talampakan na Big Drum installation ay kumakatawan sa tibok ng puso ng inang lupa at ng bansa, isang simbolo ng pagsasama sa pagdiriwang. Maraming mga katutubong kultura sa buong Turtle Island ang nagbabahagi ng paggamit ng mga tambol sa pagdiriwang. Ang pananaw ng Big Drum installation ay gawin ang drum na ito para ipakita bilang isang "larger-than-life" na simbolo ng Katutubong pagmamalaki at pagdiriwang. Kadalasan, ang tunog ng tambol ang unang napapansin sa mga kultural na pagtitipon, at nais na makuha ng Born in the North Ltd. ang kapangyarihan ng damdaming iyon sa piyesang ito.

Ang Born in the North Ltd. ay isang malikhaing studio na pagmamay-ari at pinangangasiwaan ng magkakambal na sina Chris at Greg Mitchell. Ang kanilang gawa ay nilikha sa pamamagitan ng kanilang sariling natatanging lens at nakatuon sa pagsusuri sa ugnayan sa pagitan ng tao at ng kalikasan. Isinasaalang-alang ang kanilang sariling kuwento at mga karanasan sa buhay, ang inspirasyon ay nakuha mula sa kanilang Mi'kmaq heritage, paggalugad ng musika, at paglaki sa Canada.

Para malaman ang higit pa tungkol sa pagdiriwang ng Pambansang Araw ng Mga Katutubong Tao ng Lungsod ng Brampton, bumisita brampton.ca/NIPD.

Mga Quote

“Samahan kami sa aming kaganapang Pambansang Araw ng Mga Katutubong Tao sa Hunyo 22 sa Ken Whillans Square para malaman ang higit pa tungkol sa at ipagdiwang ang mayaman at magkakaibang kultura, boses, at karanasan ng mga komunidad ng First Nations, Inuit at Métis.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Mosaic, at ikinalulugod ko ang bawat pagkakataong ipagdiwang ang aming magkakaibang komunidad. Sa Pambansang Araw ng Mga Katutubong Tao na ito, hinihikayat ko ang lahat na alamin ang tungkol sa First Nations, mga komunidad ng Inuit at Métis at ang kasaysayan ng lupaing ito.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Tagapangulo, Mga Serbisyong Pang-korporasyon, Lungsod ng Brampton*

“Ang magkakaibang komunidad ng mga tao, pamana at kultura ng Brampton ay ang dahilan kung bakit napaka-espesyal ng lungsod na ito. Samahan ang Lungsod ng Brampton sa pagdiriwang ng ating pagkakaiba-iba at sa mga kontribusyon ng mga katutubong komunidad at suportahan ang mga lokal na negosyong pag-aari ng Katutubo sa aming kaganapan sa Hunyo 22.”

- *Paul Morrison, Pansamantalang Punong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca